



# Fact Sheet: Johnson & Johnson na Bakuna sa COVID-19

Kilala din bilang Janssen, o J&J



## Paano ito gumagana?

- Isa lang At Tapos na! Kailangan niyo lang ng isang dosis.
- Kayo ay ganap na protektado ng dalawang linggo pagkatapos niyong mabakunahan.
- Ito ay para sa mga taong nasa edad na 18 at pataas. Ang mga taong nasa edad 16 o 17 ay makakakuha ng ibang bakuna.

## Mga Fact Tungkol sa Bakuna

- Mahigit sa 8 milyong katao sa USA ay ligtas na nakatanggap ng bakunang ito.
- Tulad ng ibang mga bakuna sa COVID-19, ito ay awtorisado ng FDA, ang sangay ng pederal na gobyerno na nagsusuri ng kaligtasan ng pagkain at mga gamot.
- Tulad ng ibang mga bakuna sa COVID-19, ito ay nasuri sa mga pag-aaral sa libu-libong mga boluntaryo na may iba't-ibang lahi at katayuan at natuklasan na ligtas at epektibo.

## Iba pang mga Bakuna sa Pagpigil sa COVID-19

Dalawa pang bakuna ang available na nakakapagpigil din ng COVID-19: Pfizer at Moderna. Magtanong samin kung gusto niyo ng karadagdagang impormasyon tungkol sa mga bakunang ito.

[sccFreeVax.org/tl](https://sccFreeVax.org/tl)  2-1-1

## Ito ay Ligtas at Epektibo

Kapag ikaw ay nabakunahan, mapoprotektahan:

- Kayo. Ang bakunang ito ay nagagawang hindi kayo gaanong magkasakit o kahit na mamatay sa COVID-19.
- Ang inyong mga pamilya, katrabaho, kaibigan, at ibang tao na inyong nakikita. Ang bakunang ito ay nagagawang hindi kayo gaanong makapagpakalat ng sakit sa ibang tao.
- Ang inyong komunidad. Ang bakunang ito ay nakakapagbawas ng pagkalat ng virus. Ang bakuna ay tumutulong sa pagpigil ng pagbuo ng mga bagong mapanganib na uri ng virus kapag ito ay kumakalat sa mga tao.



## Posibleng Side Effects

- Ang pinaka pangkaraniwang side effect ay pananakit ng braso.
- Maaari din kayong makakaramdam ng pananakit ng ulo o pagkapagod ng isa o dalawang araw. Ito ay mabilis ding mawawala.
- Ang matinding pambihirang side effect ng bakunang ito ay mga pamumuo ng dugo. Ang pederal na gobyerno ay pansamantalang pinatigil ang mga klinika sa pagbibigay ng ganitong bakuna upang tingnan ito. Ang pederal na gobyerno at mga independiyenteng doktor ng pampublikong pangkalusugan ay nagpasya ngayon na ang mga benepisyo ng bakuna ay mas nakakalamang sa mga panganib. Kung nakakaranas kayo ng matinding pananakit ng ulo, pananakit ng tiyan, pananakit ng paa, o pag-igsi ng paghinga sa loob ng tatlong linggo pagkatapos ng pagpapabakuna, makipag-ugnayan sa inyong doktor. Kung kayo ay umiinom ng blood thinner na gamot, kausapin ang inyong doktor bago tanggapin ang bakunang ito.